
Sydnee Norwood



Aking Talaarawan sa Paglalakbay #4: Dubrovnik, Croatia
Lunes, Hulyo 27

Kinabukasan ng umaga, nakadaong ang aming cruise ship sa Dubrovnik, Croatia, ang una naming destinasyon. Pagkatapos ng medyo huling almusal, bumaba kami ng aking pamilya mula sa barko at nagtungo sa bayan. Naglakad-lakad kami nang ilang sandali at napansin namin ang mga bubong ng mga bahay na kulay kahel bago kami nakarating sa “Old Town” ng Croatia. Sa labas mismo ng pasukan, nag-book kami ng kapatid kong si Jordyn at ako ng isang boat tour papunta sa Blue Cave. Ang Blue Cave ay isang natatanging kuweba na kumikinang sa matingkad na kulay asul na parang kuryente. Pagkatapos, bumili kami ng sariwang gelato sa isang kalapit na tindahan. Napapalibutan ang Old Town ng malalaking pader na bato, at ang sahig ay gawa sa maganda ngunit madulas na marmol. Marangya ang pasukan sa Old Town, na may maraming hagdanan patungo sa mas matataas na bahagi ng mga pader. Mga taong naglalakad lamang ang makikita sa mga lansangan; walang mga sasakyan. Pagkatapos naming libutin ang bayan, oras na para sa aming boat tour. Sinundo kami ng isang van na may sakay na maliit na grupo ng mga taong nagpalista para sa tour at dinala kami sa pantalan. Sumakay kaming lahat sa isang speedboat at nakilala ang aming bangkero. Talagang kakaibang personalidad ang bangkero. Palaban siya sa pagpapahayag ng kaniyang mga opinyon at medyo pilyo ang kaniyang pananalita. Nagpapatugtog siya ng malakas na musika habang umiinom ng beer at naninigarilyo. Sinabi niya sa amin na hindi kami makakapunta sa Blue Cave dahil hindi ligtas na pumasok doon dulot ng mataas na tubig at malalakas na alon. Nainis ako at ang iba pang mga pasahero dahil parang naloko kami. Maaari naman sanang ipinaalam ng kompanya sa amin ang tungkol dito bago pa kami nag-book ng tour. Kahit nadismaya kami, sinikap pa rin naming sulitin ang karanasan. Bumisita pa rin kami sa maliliit na kuweba, tumalon mula sa bangka, at lumangoy sa malinaw at asul na tubig. Talagang nakamamangha ang mga tanawin sa Croatia! Pagkatapos naming lumangoy, pinayagan ng bangkero si Jordyn na magmaneho ng bangka. Pagkatapos, ibinaba niya kami sa isang isla kung saan kami mananatili nang isang oras. Sinabi niya sa amin na isang mas malaking barko ang susundo at maghahatid sa amin pabalik. Kahina-hinala ang buong sitwasyon, at nakaramdam ng pagkabalisa ang lahat ng pasahero dahil sa kawalan ng maayos na komunikasyon at organisasyon. Bukod pa rito, nakakaasiwa para sa aming lahat na mapunta sa isang banyagang lugar nang walang Wi-Fi. Nag-late lunch o hapunan kami ni Jordyn sa isang restawran ng isda. Kumain siya ng bagong lutong isda, samantalang spaghetti bolognese naman ang kinain ko. Kahit ilang araw na akong nasa Europa, nakakagulat pa rin na hindi kaugalian doon ang pagbibigay ng tip, pero kailangan mo pa ring magbayad para sa tubig na ihahain sa inyong mesa. Gaya ng sinabi sa amin ng bangkero, dumating ang isang napakalaking barko upang sunduin kami kasama ang mga pasahero mula sa iba pang mas malalaking tour. Umupo kami ni Jordyn sa tabi ng isang babaeng halos kaedad namin na sumali sa isa sa mga iyon. Napakatagal ng biyahe pabalik, at nauwi kami sa mahigit isang oras na pakikipagkuwentuhan sa kaniya. Dio ang pangalan niya, at taga-Belgium siya. Gustong-gusto niyang malaman ang tungkol sa Amerika at sa buhay namin sa California. Nagtanong siya tungkol sa mga baril, sa pangulo, sa mga laro ng football sa high school at sa mga cheerleader,

sa kolehiyo, sa mga shopping mall, at sa mga pagkain at restawran namin. Pangarap ni Dio na maging exchange student sa Amerika. Sinubukan din niyang turuan kami tungkol sa sistema ng pamahalaan sa Belgium at ipinaliwanag niya kung paano nagiging lubhang rasista ang ilang bahagi nito. Napakasaya at kawili-wiling makipag-usap sa isang taong nagmula sa ibang-ibang panig ng mundo. Nagpalitan kami ng mga Instagram at TikTok account, at nalaman naming isang influencer pala si Dio sa Belgium at gumagawa siya ng mga nilalaman para sa social media. Ibinaba kami ng barko sa ibang lugar, hindi sa pantalan kung saan kami unang sumakay, kaya nagdulot ito ng maraming kalituhan. Sa kabila ng pagiging magulo at hindi organisado ng pamamasyal na ito, ito ang pinakanag-enjoyan kong karanasan sa labas ng barko at isa sa mga bansang pinakapaborito ko sa buong biyahe.